# Nilalaman


**Mula sa Editor** 5
Rosario Torres - Yu

**Intelektuwalismo at Wika** 8
Renato Constantino

**Ang "Universal Approach" at Ang Wikang Pambansa ng Pilipinas** 13
Ernesto Contantino

**Ang Unibersal na Nukleyus at ang Filipino** 26
Consuelo Paz

**Ang Patakarang Bilingguwal sa U.P.** 33
Salvador P. Lopez

**Ang Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan** 35
Virgilio G. Enriquez

**Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan** 55
Zeus Salazar

**Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino** 79
Prospero Covar

**Ang Wikang Katutubo at ang Kamalayang Filipino** 91
Bienvenido Lumbera

**Ang Wika bilang Instrumento ng Pambansang Pagpapalaya** 98
Randy David

**A Tested Scheme for Creating the Filipino Science Vocabulary** 102
Bienvenido Miranda

**Pambansang Wika Tungo sa Pambansang Ekonomiya** 113
Emmanuel De Dios


# Mula sa Editor

Tugon sa tawag ng paglingon sa nakalipas ang espesyal na isyung ito ng Daluyan. Binubuo ito ng mga artikulong isinulat ng mga intelektuwal na nanguna sa pagsusuri at pagbabalangkas ng mga bago, radikal at mapangahas na mga ideya sa pagbabago ng lipunan noong dekada 60-70 at ang papel ng wikang Filipino dito.

Pinaigting pa ang pangangailangang lumingon sa nakalipas dahil sa mga kasalukuyang pangyayaring humahamon sa lugar nito sa pag-unlad at pagbuo ng identidad. May palagay kaming makatutulong sa kasalukuyang mga kasangkot sa pakikibaka na muling alamin, suriin, at gamitin (kung hinihingi ng sitwasyon) ang mga pagdalumat na gumabay sa kilusan noon.

Sa kasalukuyan, nakaumang ang mga hamon mula sa kalagayang inilatag at inilalatag ng globalisasyon, ng sinasabing Asian integration at may kaugnayan dito, ang pananaw ng Commission on Higher Education sa lugar ng wika sa pagtuturo na itinatakda sa CHED Memo blg. 20 na nagbabago sa rekomendadong kurikular na programa sa Pangkalahatang Edukasyon. Sa partikular, ang gamit ng wikang pambansa, ang wikang Filipino, bilang wika ng pagtuturo na itinatakda sa Konstitusyon ng 1987 ay ipinaubaya na sa mga administrador ng institusyong pang-edukasyon, sa halip na itaguyod paris sa naunang mga patakaran at programa. Sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas, ang Palisi sa Wika ng 1989, na may 25 taon nang ipinatutupad ay marapat nang suriin. Isa sa mga resulta ng pagsusuring ito ang isa pang hamon sa pagpapatupad ng nasabing patakaran. Nang mawala na ang Sentro ng Wikang Filipino, Sistema, at ipinaubaya na sa mga kampus ang pag-iral ng mga sentro, lumitaw sa pagbabahagi ng iba't ibang kampus sa naging karanasan sa pagpapatupad ng Palisi sa Wika na malubhang humina ang mga sentro dahil sa kulang na suporta ng mga administrasyon ng iba't ibang kampus. Ang mga detalye nito ay mababasa sa ulat ng Roundtable Discussion na pinangunahan ng UP Diliman Sentro ng Wika, Mayo 29, 2014.

Sa sentro ng kasalukuyang diskurso sa wikang Filipino nakalugar ang nagpapatuloy na usapin ng intelektuwalisasyon o ang paggamit ng wikang ito sa pagbubuo ng kaalaman sa iba't ibang salik ng panlipunang pamumuhay ng mga Filipino na nakasalalay sa posisyong susi ito sa pagbubuo ng identidad at importanteng salik sa pag-unlad ng Pilipinas. Mahalaga kung gayon na balikan kung paano dinalumat ng mga naunang intelektuwal ang usaping ito upang matukoy ang mga kawing na mag-uugnay ng diskurso noon at ngayon.

Si Renato Constantino, isa sa pangunahing intelektuwal na nakapagsuri ng naganap na maling edukasyon o "miseducation" ng mga Filipino na nakaugat sa karanasan ng kolonyalismo at imperyalismo sa bansa. Wikang Ingles ang naging wika ng kolonyalismong Amerikano at ito rin ang naging wika ng elite na ginamit nito sa pamamahala sa bansa nang sila na ang humawak ng renda ng gobyerno, ekonomiya, at kultura. Dito nakaugat ang tinawag niyang misedukasyon ng mga Filipino. Pinakamahalaga at dapat na isinasangkot sa pagsusuri sa kultura ang matalisik niyang pananaw na susi ang wikang katutubo sa paglikha ng sariling batis ng kaalaman at tradisyong ng intelektuwalismo na malaya sa tradisyong dayuhan. Magagawa itong pangunahan ng mga intelektuwal ng bansa sa sandaling kumalag sila sa pansariling interes at isali ang karamihan sa pag-unlad ng kaisipan.

Si Ernesto Constantino ang pangunahing lingguwistang Filipino na nag-ambag sa pagbabago ng pagtingin sa magiging batayan ng wikang pambansa. Armas ang siyentipiko at akademikong pagdalumat sa problema ng wika sa Pilipinas sa yugtong iyon ng wala pa ring humpay na debate sa pagitan ng maka at kontra sa wikang katutubo bilang batayan ng wikang pambansa, naisulong niya ang diskurso upang makakalas sa binanggit na hadlang, at maipatanggap sa mga sumulat ng probisyon sa wikang pambansa sa Konstitusyon ng 1987 na ang universal approach sa pagdebelop ng wikang Filipino ang higit na angkop sa karanasan ng Pilipinas; na sa pag-unlad ng wikang Filipino ay mag-aambag ang mga wika sa Pilipinas sa patuloy na paggamit nito; na sa katunayan ay umiiral na nga ang wikang Filipino na isa nang lingua franca ng bansa, at nangyari at nangyayari ito dahil sa katangian ng wika sa bansa na natukoy naman sa mga siyentipikong pag-aaral ng lingguwistang si Dr. Consuelo Paz, ang pagiging magkakatulad ng mga wika sa Pilipinas na may unibersal na nukleyus. Sa magkatuwang na bisa ng ganitong mga pagdalumat at pananaliksik at sa masigasig na pakikisangkot ng mga lingguwista ng Unibersidad ng Pilipinas ay nagawa ang makasaysayang pangyayaring naitakda na sa Konstitusyon ang wikang Filipino na wikang Pambansa, wikang opisyal at wika ng edukasyon.

Sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas, sinubok ng administrasyon noon sa pangunguna ng pangulo nitong si Salvador Lopez ang Patakarang Bilinggwal, o ang paggamit ng wikang Ingles at Filipino sa unibersidad. Ito ang naging tugon sa noon ay ipinapalagay na problema ng kahinaan pa ng wikang Filipino sa gamit na intelektuwal. Sa aming palagay, isang hakbang ito bilang transisyon sa sinasabing pagpapaunlad sa wikang Filipino, bagaman may nagpapalagay na nakasalalay itong hakbang na ito sa takot na mawala ang wikang Ingles sa kasalukuyan nitong lugar sa edukasyon at sa politika.

Bunga ng bagong kamalayang kinalinga ng malawakang pagtatanong at pag-uusisa sa mga sanhi ng hindi pag-unlad ng Pilipinas sa pangunguna ng mga kabataang may silakbo ng kabayanihan at pagkamakabayan sa labas at loob ng pamantasan ay nangyari naman ang pagbabalikwas sa tradisyong dayuhan sa pagbubuo ng kaaalam sa Unibersidad ng Pilipinas. Ang mga sanaysay sa isyung ito ang mga patunay sa naging talab ng binanggit. Ang mga sanaysay sa koleksiyong ito ay maituturing na pagtatagpas ng mga talahib sa daan upang matambad ang malawak na landas ng pagtuklas sa sariling kaalaman, pagkatao, at pagkalahi. Pinangunahan ni Virgilio Enriquez, propesor sa sikolohiya ang pagdalumat sa kaibahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Sikolohiya sa Pilipinas at sa Sikolohiya ng mga Filipino. Bunga nito ang mapaghawang kaalaman sa mga batayan ng Sikohiyang Pilipino sa kultura at kasaysayan. Masusing sinuri ng propesor ng kasaysayan na si Zeus Salazar ang mga pag-aaral sa kabihasnan kalinangang pambansa sa Pilipinas. Natukoy niya ang ugat ng tinawag na dambuhalang pagkakahati ng mga Pilipino- ang pag-iral ng "Pagkaming Pananaw" ng elite. Upang kontrahin ang naging bisa nito at masimulan ang pagbubuo ng bago, iminungkahi niya ang paggamit ng pananaw at metodo ng " Pantayong Pananaw" isang paraan ng pag-alam at pag-aaral sa kabihasnan at kalinangang pambansa na nakabatay sa panloob na pagkakaugnay-ugnay na ipinahahayag sa iisang wikang Filipino.

Nagmungkahi si Prospero Covar, propesor ng antropolohiya, ng isang pamamaraan sa mas malapit na pagkilala sa pagkataong Pilipino na tinawag niyang "Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino." Ginamit niya ang metapora ng katawan at banga upang pangatwiranan na magagamit ito na teorya ng pagkataong Pilipino na may labas, lalim at loob.

Sa larang ng Panitikan, dinalumat ni Propesor Bienvenido Lumbera, Pambansang Alagad ng Sining, ang ugnayan ng kamalayan at panitikan at ang bisa ng isa't isa ay nagpapatunay sa kapangyarihan ng panitikan. Sinuri niya ang ilang halimbawa ng kanonikal na akda sa iba't ibang panahon ng kasaysayan at ipinalagay na sa pagtutugma ng danas, pananaw-mundo at sariling kamalayan ay nalalapatan ng makabayan at rebolusyunaryong kahulugan ang isang akda at panitikan.

Tumalab din ang silakbo ng intelektuwalisasyong gamit ang wikang Filipino sa mga larang na matagal na ipinalagay na mahirap mangyari. Sa larang ng sosyolohiya, sinuri ni Propesor Randy David ang ugnayan ng wika at ng pambansang pagpapalaya. Binigyang diin niya na hindi sapat na mapalaganap ang sariling wika. Ang pakay na ito ay higit na magiging makabuluhan sa pambansang pagpapalaya kapag sa iba't ibang salik ng kultura ay lalaya ang Filipino sa pagtuturing na ang sarili ay mababang uri, inferior, sa dayuhan. Kapag nangyari ito, giit niya, magiging lubos ang paglaya.

Bagaman nakasulat sa Ingles, katangi-tangi ang halaga ng papel ni Bienvenido Miranda, propesor ng kemistri, sa pagbuo ng Filipino Science Vocabulary. Noong mga panahong ginagawa niya ito ay kaunti lamang ang naniniwalang magagamit ang wikang Filipino sa larang ng agham. Naniwala siya na may maiaambag ito sa isang planadong sistema ng paggamit ng sariling wika sa diskursong siyentipiko. Bumuo siya ng isang iskema sa pagbubuo ng bokabularyo na masusuri sa kasalukuyan ng mga may interes sa gawaing ito. Sa kasalukuyan, masasabing malakas na ang pagtanggap na higit na mabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa agham, kapag sa sariling wika tuturuan. Ang sinimulan in Prop. Miranda ay pinagsumundan na ng mga mas batang guro at patunay dito ang maraming aklat sa agham na ginamit sa pagtuturo sa Kolehiyo ng Agham na inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino.

Pinakahuling sanaysay na mababasa sa isyung ito ang sinulat ni Emmanuel de Dios, propesor ng ekonomiks. Ito ang larang na karaniwan nang ipalagay na hindi maituturo sa wikang Filipino dahil sa mahirap na maunawaang mga konsepto, teorya, at aplikasyon. Ngunit iminatwid ni de Dios na ang pagiging malayo ng karaniwang Pilipino sa kaalaman ng ekonomiks ay bunga ng problema sa wika, hindi ng kapasidad na makaintindi. Nagmumungkahi siya sa sanaysay na ito ng mga hakbang, pagsasalin man o pagbubuo ng bagong kaalaman upang mailapit ang ekonomiks sa mamamayan. Mahalaga ito, sa kanyang paniniwalang dapat silang kasali sa mga pagpapasyang may kinalaman sa kanilang pamumuhay at kabuhayan.

Matabang lupa ng kaalaman at karunungan ang miminahin ng kasalukuyang henerasyon ng mga tagapagsulong ng wikang Filipino sa mga sulatin na ito. Maaaring asahang sa paggamit nila ng mga bagong lente ng pagsusuri ay makabuo naman sila ng mga bagong daan para sa susunod na henerasyon tungo sa ganap na paglaya at pag-unlad ng sambayanan.

- Wakas-

Rosario Torres Yu, Ph.D.
Direktor, UP Diliman Sentro ng Wikang Filipino
2012-2014